

Lungsod ng Brampton kinilala ng Forbes bilang isa sa Pinakamabubuting Employer sa 2021

BRAMPTON, ON (Enero 27, 2021) – Kinilala ng Forbes ang Lungsod ng Brampton bilang isa sa [Pinakamabubuting mga Employer sa Canada sa 2021](#), isang talaan ng 300 nangungunang employer sa Canada.

Ito ang pangatlong taon na sunod-sunod na ang Lungsod ay nakapuwesto sa talaan ng Forbes. Sa taon na ito, ang Lungsod ay nasa ika-58 puwesto sa 300.

Nakipagtulungan ang Forbes sa kumpanya ng market research na Statista para matukoy ang mga kumpanyang pinakagusto ng mga empleyado sa taunang ranking ng pinakamabubuting employer sa Canada.

Pinili ng Forbes at Statista ang Pinakamabubuting Employer sa Canada sa 2021 sa pamamagitan ng independiyenteng survey na inilapat sa malawak na sampol ng higit sa 8,000 Canadian na mga empleyado na nagtatrabaho para sa mga kumpanyang may higit sa 500 empleyado sa Canada. Ang ebalwasyon ay batay sa direkta at hindi direktang mga rekomendasyon mula sa mga empleyado na pina-rate ang kanilang kahandaan na irekumenda ang kanilang sariling mga employer sa mga kaibigan at pamilya. Ang mga ebalwasyon ng mga empleyado ay kinabibilangan din ng ibang mga employer sa kanya-kanyang mga industriya na nangingibabaw positibo man o negatibo.

Maiikling Impormasyon

- Noong Nobyembre 2019, nilikha ng Lungsod ng Brampton ang [limang taon na Estratehiya sa Pagkakaiba-iba sa Lugar ng Trabaho at Pagsasali sa Lahat at Work Plan](#). Itinatakda nito ang mga pagkakataon para itaguyod ang mas nagsasali sa lahat na kultura ng organisasyon na nagpapalahok, nagpapaunlad at nagpaparangal sa mga tauhan nito, at humihikayat ng mga manggagawa na magkakaiba-iba.
- Noong Disyembre, inanunsyo ng Lungsod na inilatag nito ang mga pundasyon nito sa isang [Equity Office para paglingkuran ang mga empleyado at mga mamamayan nito](#). Ang Equity Office ay tutuon sa pagtukoy at pagtanggap ng mga balakid sa lugar ng trabaho at komunidad anuman ang lahi, lipi, lugar na pinagmulan, kulay, pinagmulang etniko, kapansanan, citizenship, pananampalataya, kasarian, sekswal na oryentasyon, identidad sa kasarian, magkaparehong kasarian na partnership, edad, estado sa pag-aasawa, estado sa pamilya, estado sa imigrasyon, pagtanggap ng pampublikong tulong, politikal na kinasaniban, panreliyong kinasaniban, antas ng literasiya, wika at/o socio-economic na estado.

Mga Quote

“Ang Lungsod ng Brampton ay isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, at ang ating mga empleyado ay dedicated sa pagtayo ng isang komunidad para sa ating mga residente na ligtas, sustainable at matagumpay. Ipinagmamalaki nating makilala ng Forbes, sa pangatlong taon na sunod-sunod, bilang isa sa Pinakamabubuting Employer sa Canada, patuloy tayong magiging employer na pinipili para sa ating mga staff, dati at sa kasalukuyan.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay Binubuo ng Iba’t Ibang mga Tao, at sa Lungsod patuloy tayong nagpapalago ng diverse na mga manggagawa na naglalarawan sa komunidad na pinaglilingkuran natin. Sa pamamagitan ng nasabing mga inisyatiba bilang Istratehiya sa Pagkakaiba-iba at Pagsasali sa Lahat sa ating Lugar sa Trabaho at Work Plan at Equity Office, nagsisikap tayo para matiyak ang patas at pantay na pagtrato sa lahat ng indibidwal, at isang nagkakasundong kapaligiran para sa staff ng Lungsod.”

- *Harkirat Singh, Chair, Corporate Services; Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10, Lungsod ng Brampton*

“Patuloy ang Lungsod na gumagawa ng mga hakbang para matanggal ang mga balakid sa lugar ng trabaho para patas at pantay para sa lahat. Dedicated tayo sa paglikha ng mga pagkakataon para sa ating mga empleyado, na masigasig sa paglilingkod sa ating mga residente, at pagbuo ng nagsasali sa lahat at nagpapalahok na kultura sa lugar ng trabaho. Ipinagmamalaki natin na muling kinikilala ng Forbes bilang isa sa Pinakamabubuting Employer sa Canada.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Vice-Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang makilala ng Forbes para sa pangatlong sunod-sunod na taon bilang isa sa Pinakamabubuting Employer sa Canada ng ating mga empleyado ay naglalarawan sa sigla ng Lungsod na itaguyod ang nagsasali sa lahat na kultura na nagpapalahok, nagpapaunlad at nagpaparangal sa ating mga tauhan na humihikayat ng mga manggagawa na magkakaiba-iba. Gusto kong kilalanin ang ating mga empleyado, ang kanilang tiwala at mga ambag sa ating organisasyon; na patuloy na dedicated sa paghahatid ng mga resulta para sa mga Bramptonian at pinasigla ng komunidad na binubuo ng magkakaiba-ibang mga tao na pinaglilingkuran natin.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa KomunidadStrategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca